

HUWAG PAKAININ ANG WILDLIFE



Huwag pakainin ang mga kayote o ang wildlife

Ayon sa mga ordinansa ng Lungsod ng Brampton, ang pagpapakain sa wildlife o buhay-ilang ay ipinagbabawal. Hindi dapat pakainin ng mga residente ang wildlife, kabilang ang mga squirrel, geese, pato, fox at kayote, sa ilalim ng anumang sitwasyon. Lumilikha ito ng mapanganib na sitwasyon para sa kapwa mga tao at hayop.

Dahil sa negatibong epekto nito sa ating komunidad, ang pagpapakain sa wildlife ay magreresulta sa mga multa na \$350 hanggang \$5,000.

Ang pagpapakain sa mga hayop ay magbubunga na ang mga ito ay:

- aasa sa mga tao para sa kanilang pagkain
- mawawalan ng takot at maging pamilyar sa mga tao na posibleng hahantong sa mga sigalot
- uugnay sa mga tao sa pagkain, na maging sanhi na ang mga hayop ay magiging mapamilit o agresibo

